



Anumang dinaluyan ng dugo,at nabanggit ang Pangalan ni Allah rito,kumain kayo rito,maliban sa [kinatay na hayop gamit ang] buto at ngipin,At ipapahayag ko sa inyo ang mga ito,Ang ngipin ay ang buto,at ang Kuko ay [ginagamit na] kutsilyo ng mga [Hindi mananampalataya] sa Habashah

Ayon kay Rafi bin Khadij-kalugdan siya ni Allah-siya ay nagsabi: ((Kami ay nakasama sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Zul Hulayfah mula sa Tihama.Dumating sa mga tao ang pagkagutom,dumating din sa kanila ang mga kamelyo at tupa,Habang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nasa huli kasama ang mga tao.Nagmadali sila,at nagkatay.at napatindig na nila ang mga kaldero.Ipinagutos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na baliktarin ang mga kaldero.Pagkatapos ay hinati niya [ang mga nadambong], at [ginawa niyang] ang katumbas ng sampung tupa,ay isang kamelyo.Tumakas rito ang isang kamelyo,hinanap nila ito ngunit nanaig ang kapaguran sa kanila.At mayroon sa mga tao ang ilang bilang ng kabayo,Hinagis ng isang lalaki mula sa kasamahan nila, ang palaso,at pinatamaan sa kanya ito ni Allah;Nagsabi siya:Katotohanan sa mga Hayop na ito ay masindakin tulad ng pagkasindak [ng mababangis na hayop],alinman ang tumakas sa inyo mula rito,gawin ninyo sa kanya ang ganito,Nagsabi ako: O Sugo ni Allah! Kami ay haharap sa kalaban bukas,at wala sa amin ang may dalang kutsilyo,Maaari ba kaming magkatay gamit ang tungkod? Nagsabi siya:Anumang dinaluyan ng dugo,at nabanggit ang Pangalan ni Allah rito,kumain kayo rito,maliban sa [kinatay na hayop gamit ang] buto at ngipin,At ipapahayag ko sa inyo ang mga ito,Ang ngipin ay ang buto,at ang Kuko ay [ginagamit na] kutsilyo ng mga [Hindi mananampalataya] sa Habashah.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ni Rafi bin Khadij malugod si Allah sa kanya-na sila ay nasa pandarabong mula sa mga Pandarabong kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang lugar na tinatawag na:Zul Hulayfah,At tunay na dumating sa kanila ang napakaraming alagang hayop,Kumatay sila mula sa alagang hayop na ito,bago ang paghahati at hindi na nila hinintay ang hatian,Habang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay huli [na sa pagdating],dumating siya sa kanila,at napatindig na nila ang mga kaldero,kinuha niya ang mga kaldero,at binaliktad ang mga ito at linagyan ng disyerto,ibig sabihin ay pinunuan niya ng alabok, At nagsabi siya:Katotohanan ang Nadambong ay hindi higit na ipinapahintulot mula sa patay na hayop [hindi nakatay].Pagkatapos ay hinati niya,at ang

katumbas ng isang kamelyo ay sampung Tupa,at sa ora sa yaon ,nagkatay ang bawat isa sa kanila sa nakuha niya ibig sabihin ay naging bahagi niya na para sa kanya,Tumakas ang isang kamelyo at hindi na nila ito inabutan dahil sa kaunting bilang ng mga kabayo,hinagis ng isang lalaki rito ang palaso,at pinatamaan sa kanya ito ni Allah,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanan sa mga Hayop na ito ay masindakin tulad ng pagkasindak [ng mababangis na hayop],alinman ang tumakas sa inyo mula rito,gawin ninyo sa kanya ang ganito.Pagkatapos ay tinanng nila ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tungkol sa pagkatay kun sa paanong paraan,Sinabi niya sa kanila na ang bawat [hayop] na may daloy na dugo at isinama sa pagkatay ang Pagsambit sa pangalan ni Allah,siya ay kabilang sa mga ipinahihintulot na kainin,ngunit ang kuko,maging ito man ay nakadikit sa kamay ng tao o hindi nakahiwalay,Ito y hindi ipinapahintulot;sapagkat ito ay ginagamit na kutsilyo ng mga hindi mananampalataya,at gayundin ang buto,dindi ipinapahintulot ang pagkatay rito.

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2984>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

